THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS
# BALITA

#PNPKAKAMPIMO

Volume V No. 43* Oktubre 23 - 29, 2021 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# CRIME INCIDENT SA LOOB NG 5-TAON, BUMABA NG HALOS 50%

*sundan sa pahina 3*



## P20.6-M marijuana sa Cebu, nadiskubre, sinira

*sundan sa pahina 11*



## ALERT LEVEL SYSTEM FOR COVID-19 RESPONSE IN NCR

PHILIPPINE NATIONAL POLICE




**ALERT LEVEL 3**

- High and/or increasing case counts
- Increasing utilization of total bed capacity rate and intensive care unit

Police Community Affairs and Development Group | Pulis At Komunidad | PNP Pulis At Ur Serbis | pcadg.pnp.gov.ph



## PULISYAPEDIA

**Ano ang probation?**

- Ang probation ay isang pribilehiyo na ibinibigay ng korte sa isang tao na napatunayang guilty sa isang kasong kriminal kung saan ito ay mananatili sa komunidad sa halip na maikulong. May ilang mga kaso na maaaring probation ang katumbas na parusa at kadalasan ay mga magagaan ang mga kasong ito. Sa pangkalahatan, maaari lamang mabigyan ang isang tao ng probation kung hindi nito iaapela ang kanyang kaso.

## JOINT TASK FORCE CV SHIELD
COMMAND CENTER, PNP COMMAND CENTER

GLOBE
**09175382495**
SMART
**09988490013**
LANDLINE
**(02)87253176**
E-MAIL
**ncovmonitoring@gmail.com**




#PNPKakampiMo #TeamPNP #WeServeAndProtect

@pnp.pio | @pnppio | @pnp_pio | PNP PIO | www.pnp.gov.ph

## E - SUMBONG



**0919-160-1752** - SMART
**0917-847-5757** - GLOBE
**888** - Presidential Complaints Center
**911** - National Emergency Hotline

Email : e-sumbong@pnp.gov.ph
Facebook Page : facebook.com/OfficialPNPHotline
Web Portal : https://e-sumbong.pnp.gov.ph

PGEN GUILLERMO LORENZO T ELEAZAR

# PNP, bantay-sarado ang mga pasyalan sa Undas long weekend




**Inatasan ni Philippine National Police (PNP) Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar ang lahat ng chiefs of police at unit commanders na tiyakin ang sapat na bilang ng mga pulis na magbabantay sa mga pasyalan ngayong 'long weekend' Undas.**

"Inaasahan ng inyong PNP na mas maraming tao ang lalabas at lulubusin ang long weekend kasama ang kanilang pamilya. Dahil sarado ang mga sementeryo, marahil ay sa mga pasyalan ang punta ng ating mga kababayan. I have directed our police personnel to guarantee that the minimum public health standards are observed in these public areas," pahayag ni PGen Eleazar.

"Dapat rin makipagugnayan ang pulisya sa pamunuan ng mga pasyalan o mga establishments upang malimitahan nila ang dami ng tao at hindi magkaroon ng siksikan na maaari pang pagmulan ng pagkalat ng coronavirus," dagdag pa ng hepe.

Ang sikat na Picnic Grove sa Tagaytay ay balik-operasyon na mula ala-sais ng umaga hanggang alas dyes ng gabi. Pwedeng pumasok ang mga fully vaccinated kabilang ang mga senior citizen habang hindi naman pinapayagang pumasok ang mga menor de edad.

Samantala, binuksan na rin para sa publiko ang Baguio City simula November 1. Pinapayagang bumisita ang lahat ng edad ngunit kinakailangang bakunado ang mga ito.

Ang edad 12 hanggang 17-anos naman ay dapat magprisinta ng negatibong RT-PCR o antigen test result.

Pinaalalahanan ni PGen Eleazar ang publiko na kompletuhin ang mga kinakailangang dokumento bago bumisita sa mga pook-pasyalan upang maiwasan ang aberya.

# Passport appointment scam sa Facebook, iniimbestigahan ng PNP

**Inatasan ni Philippine National Police (PNP) Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar ang Anti-Cybercrime Group (ACG) na imbestigahan ang nai-uulat na passport appointment scam sa Facebook.**




"Nakarating sa amin ang paghingi ng tulong ng Department of Foreign Affairs tungkol sa laganap na pagbebenta ng passport application appointment slots sa ating mga kababayan sa pamamagitan ng Facebook. Dahil dito, inatasan ko na ang ating Anti-Cybercrime Group na imbestigahan at magsagawa ng mga kaukulang operasyon upang mahuli at mapanagot ang mga taong nasa likod nito. Hindi natin papayagan na pagkakitaan pa ang ating mga kababayan lalo na ang mga OFWs dahil sa hirap ng buhay ngayon na dulot ng hinaharap nating pandemya," giit ni PGen Eleazar.

Inilabas ng hepe ang direktiba matapos humingi ng tulong si DFA Undersecretary Brigido Dulay sa PNP at National Bureau of Investigation (NBI) upang matukoy at mahuli ang mga taong nasa likod ng Facebook pages at groups na nagbebenta ng passport appointment sa mga aplikante.

Una ng sinabi ng DFA na libre ang appointment sa lahat ng consular services.

Hiniling din ng DFA sa Facebook na tukuyin at tanggalin ang mga naturang accounts upang matigil na ang kanilang pambibiktima.

Samantala, nanawagan si PGen Eleazar sa publiko na huwag tangkilikin ang mga inaalok sa social media at agad isumbong sa awtoridad ang mga iligal na gawain.

"Nililinaw po natin sa ating mga kababayan na libre ang passport appointment at hinihikayat natin sila na huwag tangkilikin ang ganitong uri ng modus. Magtulungan tayo upang tigilan ang ganitong uri ng pagsasamantala sa ating mga kababayan," ani PGen Eleazar.

Hinimok ng hepe ang mga nabiktima ng naturang scam na maghain ng reklamo sa pamamagitan ng PNP E-SUMBONG.

# PNP, handang tumulong sa pagbibigay seguridad sa pilot run ng face-to-face classes



*Photo Courtesy: news.abs-cbn.com*

**Tiniyak ni Philippine National Police (PNP) Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar na nakahanda ang PNP para tumulong sakaling mag-umpisa na ang pilot run ng face-to-face classes sa mga pribado at pampublikong paaralan sa buong bansa.**

Inatasan na rin ng hepe ang lahat ng unit commanders na makipag-ugnayan sa mga lokal na opisina ng Department of Education at Commission on Higher Education upang talakayin kung paano makatutulong ang PNP sa pagsisimula ng face-to-face classes.

Una ng inihayag ni Education Secretary Leonor Briones na 90 pampublikong eskwelahan ang inapruban para sa pilot run ng face-to-face classes na magsisimula sa ika-15 ng Nobyembre.

Sa Nobyembre 22 naman gagawin ang pilot run sa 20 pribadong paaralan.

"Kasama ang inyong PNP na sumusuporta sa unti-unti nating pagbabalik sa normal at patuloy ding nakatutok ang inyong kapulisan upang matiyak ang kaligtasan ng bawat isa hindi lang sa banta ng COVID-19 kundi pati na rin sa iba pang banta sa seguridad ng ating mga guro at estudyante," pahayag ni PGen Eleazar.

# Crime incident sa loob ng 5-taon, bumaba ng halos 50%



**Bumaba sa 49.6% ang naitalang krimen sa bansa sa loob ng 63-buwan o mula 2016 hanggang 2021 kumpara sa krimeng naitala noong 2010 hanggang 2015.**

Ang pagbaba ng crime incident ay dahil rin sa pagbaba ng naitalang Index Crime sa 67.76% simula July 2016 hanggang September 2021.

Ayon kay PNP Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar, ang mga datos ay batay sa National Crime Environment Report na nakalap mula sa Crime Information Reporting and Analysis System (CIRAS), isang electronic crime analytic tool kung saan pumapasok lahat ng blotter entries at incident reports mula sa lahat ng PNP units at offices sa buong bansa.

Kung ikukumpara ang datos na nakalap ng CIRAS, mula 2.67-milyon crime incidents noong 2010-2015, bumaba ito ng 49.6% sa taong 2016-2021 kung saan nakapagtala lamang ng 1.36-milyon crime incidents.

Naitala ang pinakamababang crime incident sa 53.81% sa Mindanao habang 48.42% sa Luzon at 45.30% naman sa Visayas.

Sa kabuuan, tumaas sa 78.62% ang naresolbang kaso ng PNP o Crime Solution Efficiency (CSE) mula 2016-2021, kumpara sa 40.27% CSE noong 2010-2015.

Ipinaliwanag din ni PGen Eleazar ang pagbaba ng Index Crime sa 67.76%. Mula sa 1.15-milyon Index Crime noong 2010-2015, bumaba ito ng 373,378 sa 2016-2021.

"All these marked improvement in the overall crime picture translate to better security outlook among our people and further adds to upbeat investor confidence that spur economic growth despite the ongoing health crisis," pahayag ni Eleazar.

# Promosyon ng 27K pulis, aprubado na ng NAPOLCOM




**Aprubado na ng National Police Commission (NAPOLCOM) ang promosyon ng mahigit 27,000 tauhan ng Philippine National Police (PNP) na nasa ranggong Police Corporal hanggang Police Lieutenant Colonel.**

Ayon kay NAPOLCOM Vice Chairman and Executive Officer Vitaliano Aguirre II, inaprubahan ng NAPOLCOM en banc ang Resolution No. 2021-1218 na may petsang Setyembre 24, 2021, na magbibigay ng authority sa PNP Chief na punan ang 27,460 promotional vacancies.

Ang promosyon ay naglalayong maiwasan ang congestion sa ranggong Patrolman at Patrolwoman.

Kaugnay nito, inatasan na ni PNP Chief, PGen Guillermo Lorenzo T Eleazar ang iba't ibang opisina ng PNP na umpisahan na ang proseso ng promosyon.

"As chief of the police force, I guarantee that the PNP Promotion Board, together with the PNP Directorate for Personnel and Records Management and other concerned units, will ensure transparency and fairness and will strictly observe the guidelines in the promotion process," wika ni PGen Eleazar said.

Dagdag pa ng hepe, mahalaga ang promosyon para sa pag-unlad ng karera ng bawat pulis sa organisasyon. "This will also develop the efficiency of the entire team PNP in performing its mandate and not just in their individual capacity as PNP personnel."

Pinayagan ng NAPOLCOM na punan ang bakanteng 1000 para sa Lieutenant Colonel (PLTCOL); 720 na Police Major (PMAJ); 980 na Police Captain (PCPT); 320 na Police Lieutenant (PLT); 2,780 na Police Executive Master Sergeant (PEMS); 4,140 na Police Chief Master Sergeant (PCMS); 5,980 na Police Senior Master Sergeant (PSMS); 5,570 na Police Master Sergeant (PMSg); 2,640 na Police Staff Sergeant (PSSg); at 3,330 na Police Corporal (PCpl)

# Eleazar: Pagtaas ng trust rating ng PNP, bunga ng pagkakaisa at pagtutulungan




**Ikinatuwa ng Philippine National Police (PNP) ang resulta na inilabas ng isang non-commissioned survey kung saan tumaas ang 'trust rating' ng ahensya.**

Batay sa isinagawang survey ng PUBLiCUS Asia Inc., nakakuha ang PNP ng 5-puntos sa total high trust (35.200) at 8-puntos naman ang ibinaba sa total low trust (26.800).

Ayon sa PUBLiCUS, tumaas ang rating ng PNP sa magkasunod na quarter.

Malugod namang tinanggap ni PNP Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar ang resulta ng naturang survey na isinagawa mula noong Oktubre 11 hanggang 18, 2021.

"Ito naman ay bunga ng aming pagkakaisa at pagtutulungan upang patuloy na maibalik ang tiwala at respeto ng ating mga kababayan sa kanilang Pambansang Pulisya sa pamamagitan ng agresibong reporma na nag-uumpisa sa kalinisan ng bawat police stations na siyang aming frontline services para sa ating mga kababayan at ang aming mabilis na aksyon sa mga reklamo at paghingi ng tulong ng ating mga kababayan, kabilang ang kampanya sa paglilinis ng aming hanay," pahayag ni PNP Chief Eleazar.

Nagpasalamat din si PGen Eleazar sa mga kapulisan dahil sa kanilang pagsuporta at pagsunod sa mga reporma sa hanay upang mas mapahusay ang pagbibigay-serbisyo sa publiko. Kasabay nito, nanawagan siya na isantabi ang kanilang mga personal na interest at bigyang-prayoridad ang kapakanan ng publiko.

Gayundin, nagpasalamat ang hepe sa tiwala ng stakeholders na naging katuwang ng PNP upang maisagawa ng epektibo ang kanilang mandato.

"Nagpapasalamat ako sa publiko sa patuloy na pagbibigay ng kanilang tiwala sa aming organisasyon sa kabila ng mga alegasyon sa aming hanay dulot ng ilang pulis patola na sumisira sa aming imahe. Makakaasa ang publiko na magpapatuloy ang kapulisan, hindi lamang sa paniniguro ng kaayusan sa paligid, kung hindi pati na rin sa pagtulong sa ating mga kababayang nangangailangan," ani PGen Eleazar.



# PNP CHIEF @ UR SERBIS

*Ni PGen Guillermo Lorenzo T Eleazar*

## Ligtas na pagbabalik-negosyo ngayong papalapit na ang holiday season

Ngayong medyo nagluwag na ang quarantine restrictions sa iba't ibang panig ng bansa para sa laban sa banta ng COVID-19, kasabay nito ang pagbubukas muli ng maraming negosyo kabilang ang mga tianggian o bazaars, kainan, pasyalan at pagsasagawa ng mga aktibidad upang maibalik ang sigla ng turismo at ekonomiya. Tiyak na dadagsain ito ng napakaraming tao na nais makapamili at makapagliwaliw. Sa mga hakbanging ito, kailangan nating makipag-ugnayan sa lokal na pamahalaan upang matiyak na nasusunod natin ang mga itinalagang safety health protocols.

Bagaman inatasan na natin ang ating mga kasamahang pulis sa mga istasyon na magtalaga ng maraming pulis sa mga matataong lugar, mahalaga pa rin ang koordinasyon sa mga LGU at otoridad para sa pagpapatupad ng health protocols.

Mahalaga na tayong lahat ay tatalima sa mga pinaiiral na batas, lalo na ang pagsunod sa health protocols partikular na ang physical distancing lalo't higit sa mga bagay o aktibidad na may kinalaman sa pagkain, event, maski na ang al fresco dining, dahil kinakailangan dito na mag-alis ng face masks.

Huwag po nating kalilimutan na mayroon pa rin tayong banta ng COVID-19. Hindi po nangangahulugan na ang pagbaba ng kaso ng virus sa bansa ay magiging kampante na tayo sa pagpropekta sa ating mga sarili, lalo na at magiging abala tayo sa pamilihan at sa pagnenegosyo.

Huwag sana tayo magpakakumpiyansa sa pamimili sa Divisoria o sa mga tiangge lalo't siksikan sa mga lugar na ito. Baka ang mangyari ay nakapamili nga tayo ng mura pero mapapagastos naman tayo ng malaki sa pagpapagamot. Pinapaalala ko po sa ating mga kababayan na ang kaunting pagluwag sa mga panuntunan ay hindi nangangahulugang wala na ang banta ng COVID-19 at wala na rin ang panganib na dumami muli ang mga kaso.

Kailangang magtulungan tayo para mapanatili o mas mapababa pa ang mga naitatalang COVID-19 cases sa ating bansa. Paniguro tayo na kung lahat ay makikipagtulungan at susunod sa mga alituntunin, matitiyak natin ang ligtas at masayang pagsalubong sa holiday season.

# EDITORYAL

## Iwas pagtitipon sa Undas para iwas COVID-19

Sa pangalawang taon ng Undas habang nasa gitna pa tayo ng pandemya, isasara ulit ang mga sementeryo, memorial park at columbario sa buong bansa mula Oktubre 29 hanggang Nobyembre 2, 2021. Ito ay upang maiwasan ang posibleng paglobo ng bilang ng mga magpopositibo sa COVID-19 bunsod ng hawaan.

Dahil nga sa pagdedeklara ng pagpapasara sa mga nasabing lugar ngayong undas, inaasahang dadagsa ang mga tao sa mga araw na hindi ipinagbabawal ang pagbisita.

Bilang paghahanda, ipinag-utos na ng liderato ng pambansang pulisya sa mga Chiefs of Police nito na makikipag-ugnayan ng maaga sa kani-kanilang mga local government units upang pagplanuhan ang mga patakarang ipapatupad sa mga sementeryo, memorial park, at columbarium.

Kaakibat nga nito ang dahilang pinapahihintulutan ang pagbisita sa mga sementeryo sa mga araw na hindi ito sarado ngunit lilimitahan lamang ang bilang ng mga bisita sa 30 porsiyentong kapasidad ng bawat lugar. Wala nang age restriction sa mga bibisita ngayong taon kaya aasahan ang mas malaking bilang ng ating mga kababayan na dadagsa sa mga sementeryo kumpara noong nakaraang taon.

Maaasahan naman ng publiko ang mahigpit na pagpapatupad ng mga minimum health safety standard sa bawat sementeryo habang hindi pa ito sarado. Naglagay na rin ng kanya kanyang police assistance desk at hihigpitan din ang pagbabantay upang maiwasan ang anumang masamang pangyayari o krimen dahil maaari pa rin itong samantalahin ng mga kawatan upang makapaghasik ng masamang gawain.

Katunayan nga nito, ilang linggo palang bago ang undas, pinaigting na ang pagbabantay sa lahat ng pampublikong lugar tulad na lamang ng mga istasyon ng bus at mga entry at exit points sa bawat lugar. Ito ay dahil sa inaasahang pagdagsa ng mga tao bago pa ang pagsasara ng mga sementeryo.

Maigting naman ang mga panawagan ng lahat ng tanggapan ng pulisya katulong ang kani-kanilang mga local government unit at lahat ng force multipliers sa pagpapaalala sa kanilang mga nasasakupan sa pagsasara ng mga sementeryo.

Panawagan naman ng pambansang pulisya ang kooperasyon at pakikipagtulungan ng ating mga kababayan upang matiyak ang matiwasay na pagdiriwang ng undas. Ito ay upang mapanatili na rin natin ang mababang bilang ng mga nagpopositibo sa COVID-19.

Nagawa na natin ito noong nakaraang taon. Kaya naman walang dahilan na hindi rin natin ito magagawa ngayong taon. Iwasan muna natin ang pagtitipon-tipon at pakikihalubilo upang masigurong ligtas tayo mula sa panganib na dala ng COVID-19.

# THE PNP CORRESPONDENT

*Ni: PEMS Eric B. Fernandez*

## DPWH Acting Secretary Roger Mercado, Nanguna sa "Inauguration and Blessing of Multipurpose Building and PCO Quartering Units" sa Camp Crame

Nanguna si Department of Public Works and Highways (DPWH) Acting Secretary, Roger G. Mercado bilang Guest of Honor and Speaker sa "Inauguration and Blessing of Multipurpose Building and the PCO Quartering Units na ginanap sa PNP National Headquarters sa Camp BGen Rafael Crame, Quezon City.

Ginawaran ang nasabing kalihim ng pagpupugay at parangal sa pamamagitan ng Arrival Honors na kung saan si Deputy Chief PNP for Administration (TDCA), PLTGEN Joselito M Vera Cruz kasama ang PNP Command Group, at iba pang mga opisyales ng Pambansang Pulisya ang tumanggap, dumalo at nakiisa para sa nasabing programa.

Unang binasbasan ang Multipurpose Building sa pamamagitan ng "Ribbon Cutting and Unveiling of Marker Ceremony" na sinundan naman ito sa Police Commissioned Officer (PCO) Quartering Units partikular ang Condo 13 at Condo 14 na kung saan ay naglaan dito ang nasabing Kagawaran ng tulong at ayuda para sa ating Pambansang Pulisya.

Sa kanyang naging mensahe ay nagpaabot si Acting Secretary Roger Mercado ng kanyang hangarin na patuloy nitong susuportahan ang mga programa ng Philippine National Police bagay na sinuklian naman ng pasasalamat ni PLTGEN Joselito Vera Cruz. Napakalaking tulong ito anya ang pagkakaroon ng Multipurpose Building at ng PCO Quartering Units para sa ating mga pulis lalo na ang mga nakabase dito sa PNP National Headquarters sa Camp Crame.


# EDITORIAL BOARD

**PGEN GUILLERMO LORENZO T. ELEAZAR**
*Chairman*

*Editorial Consultant*
**PMGEN BARTOLOME R. BUSTAMANTE**

*Editor-In-Chief*
**PBGEN ERIC E. NOBLE**

*Executive Editors*
**PCOL MARCIAL MARIANO P. MAGISTRADO IV**
**PCOL ROGELIO P. SIMON**
**PCOL BERNIE H. ORIG**

*Business Manager*
**PLTCOL AIZA ZITA S. SAN ANTONIO**

*Managing Editors*
**PCOL BOOTS M. ASEO**
**Ms. Evelyn Duremdes-Barz**

**PLT NOMER B. MACARAIG *PLT MYLEEN D. LACAMBRA *PCpl Josephine T. Blanche *PCpl Romulo Cleve M. Ortenero *PCpl Alona Faith L. Edas *PCpl Melody L. Pineda *PCpl Mary Metche A. Moraera *PCpl Carla Mae P. Canapi *Pat Jenny T. Beltran *NUP Emma Kris D. De Guzman *NUP Loreto B. Concepcion**
*Writers/Researchers*

**PSMS Janice C. Arenas *NUP Leonito C. Navales**
*Photographers*

*In-Charge of Circulation*
**PCMS Ronald V. Condes *PSMS Rosie B. Gonzalo *PCpl Rei Austin R. Manahan *Pat Jersen Christopher L. Yalong**

**PLT RALPH KESTER S. RAGAZA**
**PMSg Butch L. Berden**
**PSSg Alan Czar A. Santos**
*Cartoonists*

**Mr. Roy S. Gonzalez**
**Mr. Ralph Evan S. Gonzales**
*Graphic/Layout Artist*

**AGSPRINTADD**
*Publisher*

Editorial Office: Police Community Affairs and Development Group
Email Add: pnppublications@yahoo.com / pulisserbisbalita@gmail.com
Tel. No.: (02) 723-0401 local 3453

# TRANSFORMATIONAL LEADERSHIP

*Ni: PCpt Fulgencio M Cañon, Jr*

## Pangitaing Mula sa Diyos at Susi sa Ganap na Pagbabago

Isang mapagpalang araw po sa inyong lahat. Ang inyo pong lingkod ay patuloy na nagpapasalamat sa inyong pagtangkilik sa aking kolum. Kagalakan ko po na kayo ay aking paglingkuran sa pamamagitan ng pagbabahagi ng “Mabuting Balita” mula sa “Salita ng Diyos” na nagbibigay kalakasan sa bawat panahon ng ating buhay.

Lahat tayo ay may kanya-kanyang karanasan sa buhay. May panahon na tayo ay masaya, masigla, malungkot, at pinanghihinaan ng loob dahil sa mga pangyayari sa buhay. May mga pagkakataon na ginawa na natin ang pinakamahusay at pinaglaanan ng mahabang panahon. Inaasahan na magkakaroon ng magandang bunga ang lahat ng ating pinaghirapan. Ngunit iba ang nangyari sa ating inaasahan. Mayroon ngang salawikain na, “Ako ang nagsaing, iba ang kumain.” Ikaw ang nag-pagod at iba ang nakinabang. May mga pagkakataon na nangyayari ito sa atin. Sa ating institusyon ay pabago-bago ang ating destino.

Ang sulat ni Apostol Pablo sa “Bagong Tipan,” at ito ang kanyang sinabi:

“Ako ang nagtanim, si Apolos ang nagdilig, subalit ang Diyos ang nagpatubo at nagpalago. 1 Taga Corinto 3:6 (RTPV05).

Ang talatang ito ay nagtuturo sa atin na ang bawat-isa ay may kanya-kanyang tungkuling ginagampanan sa ikatatagumpay ng gawain o misyon na itinalaga ng Panginoon sa atin. Ikaw at ako ay may kanya-kanyang kasanayan at kaalaman na makakatulong sa tagumpay ng programa o proyekto ng ating institusyon.

1. Maaaring ang pangitain ay inilagay ng Panginoong Diyos sa iyong puso at ginawa ang plano. Inihanda ang mga gagamitin para sa programa o gawain. Iyon lamang ang bahagi na itinalaga sa iyo.
2. Ang pumalit sa iyo ang siyang maghahanda ng pondo para sa programa.
3. At ang pinaka-huli ay inatasan ng Panginoong Diyos na isakatuparan ang programa o proyekto ng inyong opisina.

Maaaring makatanggap ng papuri ang nagsakatuparan ng iyong pangitain. Alalahanin natin, na kung hindi mo ginawa ang pangitain para sa inyong opisina ay hindi ito magkakaroon ng katuparan. Ang Panginoong Diyos ang nakakakita ng lahat ng ating ginagawa. May pagkakataon na hindi tayo kilalanin ng ating mga naging kontribusyon sa opisina. Magalak tayo dahil Ang Diyos ang magbibigay ng gantimpala sa atin.

Paano malalaman ang pangitain mula sa Panginoong Diyos?

“Aakyat ako sa bantayan at hihintayin ang sasabihin ni Yahweh sa akin, at ang tugon niya sa aking daing. Ito ang tugon ni Yahweh: “Isulat mo nang malinaw sa mga tapyas ng bato ang pangitaing ipahahayag ko sa iyo, upang sa isang sulyap ay mabasa agad at maipabatid ito. Isulat mo ito sapagkat hindi pa panahon upang ito ay maganap. Ngunit mabilis na lilipas ang panahon, at mangyayari ang ipinakita ko sa iyo. Bagama't parang mabagal ito, hintayin mo.Tiyak na mangyayari at hindi maaantala ito. Kung mayroon man ito ay dapat nating isulat at gawan ng plano.” Habakkuk 2:1-3 (MBB)

Ano ang sinasabi ng talata para matupad ang pangitain ng Panginoong Diyos?

1. Manalangin
2. Isulat ang pangitain
3. Ipahayag ito
4. Gawan ito ng plano

Ang pangitaing mula sa Panginoong Diyos ay magdudulot ng pagbabago sa isang bansa, buhay ng tao, at direksiyon ng buhay ng isang tao. Mangyari nawa Panginoon na ang lahat ng tao ay makatanggap ng pangitain at maisagawa ito upang maranasan ang buhay na ganap at kasiya-siya na sa Iyo lamang matatagpuan.

Sa Diyos ang Papuri!




## Top 1 Most Wanted Person-Municipal Level, arestado


**Arestado ang isang (1) tatay na tinuturing na Top 1 Most Wanted Person sa bayan ng San Jacinto, Pangasinan noong ika-25 ng Oktubre, 2021.**

Ang suspek ay kinikilalang si Domingo Carrera Jr y Roca, aka “Benting”, 65 taong gulang, may asawa, faith healer (albularyo) at residente ng Brgy. Labney, San Jacinto, Pangasinan.

Ang matagumpay na pagkakadakip kay Roca na nagtatago sa Las Piñas City ay mula sa patuloy na pagmanman at pagsubaybay ng intel operative ng San Jacinto MPS sa pangunguna ni PCMS Pedro Q Sales Jr. sa ilalim ng direktang pangangasiwa ni PMaj Edgar Allan G Serquiña, Chief of Police.

Naaresto ang suspek sa bisa ng Warrant of Arrest na inanunsyo ni Hon. Caridad Villegas Galvez, Judge, FJR, RTC Branch 43, Dagupan City, Pangasinan, para sa paglabag ng 7 counts of Rape under Criminal Case # 2020-0278-D, 2020-0279-D, 2020-0280-D, 2020, 2020 -0282-D, 2020-0283-D, 2020-0284-D na walang nirekomendang piyansa.

Kasalukuyang nakapiit sa BJMP Male Dorm Las Piñas City ang nasabing suspek.



# Malasakit Center sa Kampo Crame, pinasinayaan ng PNP




**Pormal na pinasinayaan ng Philippine National Police (PNP) ang Malasakit Center sa loob ng Camp Crame ngayong araw, Oktubre 26 upang mabilis na maihatid ang agarang serbisyo at angkop na pinansyal o medikal na tulong para sa mga tauhan ng PNP at kanilang pamilya.**

Pinangunahan ni PNP Chief Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar, ceremonial launching ng bagong one-stop shop para sa mga uniformed, Non-Uniformed Personnel at kanilang dependents na nangangailangan ng financial at medical assistance mula sa Department of Health (DOH), Department of Social Welfare and Development (DSWD), at iba pang ahensya ng gobyerno tulad ng Philhealth at Philippine Charity Sweepstakes Office (PCSO).

Nagpahayag ng pasasalamat si PNP Chief Eleazar kay Pangulong Rodrigo Roa Duterte at kay Senator Christopher Lawrence "Bong" Go dahil sa suporta ng ibinibigay sa PNP at laging pagbibigay-prayoridad sa kapakanan ng mga pulis at kanilang mga pamilya.

Kasabay sa pagpapasinaya ng Malasakit Center, tumanggap ang PNP ng P10-milyon initial fund mula sa Office of the President para sa PNP General Hospital.

Personal na dumalo sa naturang seremonya si Senator Christopher Lawrence "Bong Go, ang nagsulong ng Malasakit Center Act, kasama sina Secretary Michael Lloyd L. Dino, Presidential Assistant for the Visayas; Atty. Salvador Panelo, Presidential Legal Counsel; at dating Chief PNP, Undersecretary Debold M. Sinas.


"Ako po ay handang magserbisyo hanggang sa abot ng aking makakaya, sapagkat ang bisyo ko po ay magserbisyo sa bayan. Kami po ni Pangulong Duterte ay palaging nakasuporta sa mga pangangailangan para sa kapakanan ng ating mga kapulisan," ani Senator Go.

Itinatag ang Malasakit Center sa iba't ibang ospital sa buong bansa simula pa noong 2019 sa ilalim ng Malasakit Center Act.

Bago magtapos ang aktibidad, namahagi si Senator Go ng 15 bisikleta, 15 tablets at 20 pares ng sapatos sa mga dumalong COVID-19 frontliners.



# 173 bagong pulis sa PRO2, nanumpa sa katungkulan





**Patuloy ang recruitment processing ng Pambansang Pulisya upang madagdagan at mapalakas ang hanay sa pagpapanatili ng katahimikan at seguridad ng bansa.**

Nanumpa ang 173 bagong Patrolman na kabilang sa 2nd Cycle Attrition Recruitment Program Calendar Year 2021 sa Police Regional Office (PRO) 2, Camp Marcelo A Adduru, Tuguegarao City, Cagayan noong ika-28 ng Oktubre, 2021.

Pinangunahan ni PBGen Steve B. Ludan, Regional Director ng PRO2, ang oath-taking at turn-over ceremony ng mga bagong pulis na sasailalim sa pagsasanay.

Sa kanyang mensahe, binigyang-diin ni RD Ludan na dapat alagaan ang sinumpaang tungkulin upang makamit ang mga pangarap at maging 'asset' ng Pambansang Pulisya.

"Set in your mind that struggles are always there. But abide all the legal orders that have given to you. Follow the military discipline, because we belong to uniform service," dagdag pa ni RD Ludan.

Ang mga bagong recruit ay papasok sa Regional Training Center 2 ng Cauayan City, Isabela para sa anim (6) na buwang pagsasanay ng Public Safety Basic Recruitment Course (PSBRC) at anim (6) na buwang Field Training Program (FTP).

# 400 walis tambo, ipinamahagi ng OLC sa PNP



**Pinangunahan ni Gng. Rosalie "Lally" H. Eleazar, Adviser ng PNP Officers' Ladies Club (PNP OLC) kasama si Gng. Leticia O. Cruz at Gng. Ann Janette P. Olay, ang turn-over ng 400 pirasong walis tambo sa Pambansang Pulisya na personal na tinanggap ng Hepe ng Pambansang Pulisya, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar sa National Headquarters ng Kampo Crame ngayong araw, ika-25 ng Oktubre, 2021.**

Ang mga naturang walis tambo ay binili ng PNP OLC at Soroptimist International mula sa mga kababaihang gumawa nito sa probinsya ng Quezon bilang tulong sa livelihood program na handog nila sa mga kababaihang lubhang apektado ng pandemya.

Agad ding ipinamahagi ang mga naturang walis sa iba't ibang opisina at istasyon ng PNP para magamit nila ito sa paglilinis ng kanilang mga tanggapan bilang bahagi ng Intensified Cleanliness Policy ng Pambansang Pulisya.

"It was proudly made by women at marangal nilang kabuhayan ito, it is a sustainable livelihood program of Soroptimist International and Soroptimist International 'Kaagapay'. Ang mga nasabing babae ay biktima ng pagdarahop ng pandemya. Kaya naisipan ng National Soroptimist 'Kaagapay' na tulungan sila kung paano gumawa ng walis at dahil na rin sa programang ICP ng Pambansang Pulisya ay naisipan ng grupo na mamigay sa lahat ng offices para lagi nilang maisip na magwalis," ani Gng. Eleazar.




# 50 IP's naging TESDA scholar at tumanggap ng puhunan-pangkabuhayan




**Isa sa layunin ng Revitalized-Pulis sa Barangay ang magkaroon ng mga People's Orgnization (POs) ang bawat barangay upang mabigyan sila ng kaukulang proyekto at kasanayan na naaayon sa kanilang pangagailangan at kakayanan para sa pag-unlad ng kanilang kabuhayan.**


Kabilang sa binuo at inorganisang PO ng mga tauhan ng R-PSB Monkayo Cluster 19 sa pamumuno ni PLt Eduardo C Manila ay ang Paypayanon Falls IP Land Users at Farmers Association sa Brgy. Salvacion at Rizal's Tribal Farmers Association naman sa Brgy. Rizal, Monkayo, Davao de Oro.


Ang 50 miyembro ng nasabing organisasyon na kinabibilangan ng mga kapatid nating IP's ay naging skolar ng Technical Education and Skills Development Authority o TESDA dahil sa paggabay at tulong ng R-PSB kung saan sila ay dumaan sa proseso upang sumailalim sa anim (6) na araw na TESDA Training ng "Procedure Organic Concoction Leading to Organic Agriculture Production NCII" na natapos noong Hulyo 27, 2021.


Matapos makapasa ang 50 skolar sa final assessment, sila ay nabigyan ng Training Support Fund mula sa TESDA na personal na iniabot ni Ms. Genevieve A. Eyas, TESDA Admin Support Staff. Ito ay upang makapagsimula ng hanapbuhay gamit ang kanilang natutunan sa nasabing training. Labis itong ipinagpasalamat ng mga miyembro ng tatlong organisasyon dahil kung hindi dahil sa R-PSB ay hindi ito magiging posible.






# BANTAYOG NG KAGITINGAN

*Ni: PLt Robert Fabregas*

## Lingkod ng Mamamayan, Bayani ng Bayan!

Ang paglaban sa kriminalidad ay bahagi nang pang araw-araw na gawain ng mga pulis. Ganoon din ang paghahain ng Warrant of Arrest sa isang Wanted Person o pagsasagawa ng police operation sa pamamagitan ng Search Warrant. Ang mga Ito ay epektibong paraan upang mapigilan ang mga kriminal na maghasik nang karahasan at takot sa mamamayan. Nasasagkaan ang anumang masamang gawain ng mga salot ng lipunan kapag aktibo ang mga kasapi ng pulisya sa paghuli sa mga taong nagtatago sa batas.

Kaakibat ng mga operasyong ito, malapit din sa panganib ang ating mga pulis lalo na kapag may grupo at may malalakas na armas ang mga kriminal na elemento. Laging nakahanda ang bawat kasapi ng Philippine National Police (PNP) na mag-alay ng buhay sa pagtupad sa sinumpaang tungkulin na "To Serve and Protect".

January 23, 2021, madaling araw ng Sabado nang magsagawa ang PNP ng operasyon laban sa Most Wanted Person na si dating Limbo Barangay Chairman Datu Pens Talusan sa Sultan Kudarat, Maguindanao. Kaugnay nito ang malawakang kampanya ng PNP na paigtingin ang kampanya laban sa mga salot na kriminal at mga wanted persons upang mapanatili ang kapayapaan at kaayusan sa bansa.


Batay sa ulat, ang mga pulis ay maghahain ng Warrant of Arrest kay Talusan nang paputukan sila ng mga kalalakihan na armado ng mga automatic rifles at matataas na kalibre ng baril. Dahil sa nakaambang panganib at banta sa kanilang buhay ay napilitang gumanti nang putok ang nga alagad ng batas na humantong sa maigting na sagupaan na tumagal nang ilang oras. Nang natapos na ang madugong engkuwentro, napatay sa labanan si Datu Pens Talusan kabilang ang 11 niyang kasamahan. Narekober din ng mga awtoridad ang matataas na kalibre ng baril ng grupo ni Talusan.

Gayunpaman, nabahiran nang kalungkutan ang tropa nang matagpuan nila ang wala nang buhay na katawan ni PSSg Elenel A Pido na magiting na nakipaglaban sa mga kaaway ng batas. Nasugatan din sa engkuwentro ang ilan pang kasamahan ni PSSg Pido na agad na dinala sa pagamutan. Minsan pa ay ipinamalas ng isang pulis ang tunay na kahulugan ng komitment at sakripisyo upang tumugon sa tawag ng tungkulin.

Bilang pagkilala sa katapangan at kagitingan ni PSSg Elenel Pido, ginawaran siya ng PNP ng posthumous award na Medalya ng Kadakilaan.

PSSg Pido, salamat sa iyong kabayanihang ipinamalas para sa kaligtasan ng mamamayan!

# Mister, arestado matapos patayin ang Misis




**Nahaharap sa kasong Parricide ang isang mister matapos nitong patayin sa pananaksak ang kanyang misis sa Surigao City.**

Batay sa report, matapos makatanggap ng tawag mula sa isang concerned citizen, agad rumesponde ang mga tauhan ng Surigao City Police Station sa lugar kung saan naganap ang insidente at nadatnan ang wala ng buhay na biktima.

Iniwan ang pitong (7) anak at tumakas ang suspek na si Angelito Abadejos Lapuot, 41 anyos, at isang construction worker.

Sa imbestigasyon ng pulisya, parehong lasing na umuwi sa kanilang tahanan ang mag-asawa mula sa magka-ibang okasyon. Nagkaroon ng hindi pagkakaunawaan ang mag-asawa na nauwi sa away. Dahil sa galit, sinaksak ng suspek ang misis nito sa dibdib.

Nasawi ang biktima na si Juliet Juanite Lapuot, 38 anyos.

Boluntaryong sumuko rin ang suspek sa Surigao City Police Station matapos ang dalawang (2) araw na pagtatago.

Ang suspek ay sinampahan na ng kasong paglabag sa Article 246 ng Revised Penal Code o Parricide.

# Most Wanted ng SPD, huli sa Calamba

Pinapurihan ni NCRPO Regional Director, PMGen Vicente D. Danao, Jr ang Las Piñas City Police Station sa pagkakadakip sa Top 15 Most Wanted Person ng SPD at Top 2 Most Wanted Person naman ng Las Piñas City Police para sa ika-apat na quarter ng 2021.

Ang nadakip ay kinilalang si Pepito Casiple y Moreno alyas Bong, 46 taong gulang at nakatira sa Purok 6, Brgy. Sirang Lupa, Calamba, Laguna. Siya ay naaresto noong Oktubre 25, 2021 sa Majada Road, Brgy. Majada, Calamba City sa pagsisikap ng Las Piñas Warrant at Subpoena Section kasama ang Intel Section sa superbisyon ni PCol Rodel Pastor.

Sa inisyal na ulat, nalamang ang akusado ay wanted sa bisa ng Warrant of Arrest para sa krimeng Rape, sa ilalim ng Criminal Case No. 06-0567 na inilabas ni Judge Gloria Butay Aglugub ng Regional Trial Court Branch 254, Las Piñas City noong Mayo 31, 2017 na walang nirekomedang piyansa.

Si Casiple ay kasalukuyang nakakulong sa Station Custodial Facility ng Las Piñas City habang hinihintay ang paglabas ng commitment order at pagbabalik ng warrant of arrest sa korteng pinagmulan. *(NCRPO-PIO / Isinalin sa Tagalog ni NUP Loreto B. Concepcion)*




# HVI sa Zambales, arestado; iligal na baril at droga, nakumpiska


**Upang magkaroon ng ligtas na pamayanan at komunidad, nag-anunsyo ang Regional Director ng PRO 3 na si PBGen Valeriano T De Leon ang walang habas ng pagtugis sa mga elemento ng kriminalidad sa rehiyon lalong lalo na ang iligal na droga.**

Kasunod nito, ipinatupad ng mga operatiba ng 305th Maneuver Company RMFB3 at PIU ZPPO na pinamumunuan ni PCol Romano V Cardiño ang isang Search Warrant sa isang (1) tinaguriang High Value Individual (HVI) na sangkot sa pagbebenta ng iligal na droga.

Sinalakay at sinurpresa ng mga operatiba ang naturang target ng Search Warrant na si Maria Theresa Calimlim y Asuncion, 38 taong gulang, isang ginang at walang trabaho na nakatira sa Sitio Takipan, Purok 2, Brgy, Palanginan, Iba, Zambales.

Sa paghahalughog ng mga operatiba, nakuha sa kanyang pag-iingat ang isang (1) kalibre .38 rebolber Smith and Wesson na baril na may apat (4) na bala at nakumpiska din ang dalawang (2) plastic sachet na pinaghihinalaang iligal na droga o shabu.

Ang suspek ay nahaharap sa kasong paglabag sa RA 10591 at RA 9165.




# Mag-asawang suspek, huli sa Kapa investment scam





**Pinapurihan ni Philippine National Police (PNP) Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar ang matagumpay na pagkakadakip ng PNP CARAGA sa mag-asawang sangkot sa Kapa Community Ministry International, isang grupo na sangkot sa investment scam.**

Kinilala ang mag-asawang suspek na sina Samson Amores, 53 at Analita Amores, 46, pawang Most Wanted Person sa Butuan City.

Naaresto ang mga suspek sa bisa ng Warrant of Arrest na inilabas ng Regional Trial Court Branch 2 sa Libertad.

“Kailangang harapin nila ang kasong isinampa laban sa kanila sa korte na bunsod ng umano’y panggagantso at panloloko nila sa napakaraming tao. Magpapatuloy ang pulisya sa pagtugis sa iba pang natitirang suspek sa Kapa investment scam upang panagutin sila sa batas,” ani PNP Chief Eleazar.

Hulyo noong nakaraang taon, naaresto si Kapa founder Joel Apolinario kasama ang 23 iba pa sa Surigao del Sur kung saan nauwi pa sa barilan ang naturang operasyon. Nahulihan ng matataas na kalibre ng baril ang nasabing grupo.

Ang Kapa ay inaakusahang sangkot sa Ponzi scheme kung saan ine-engganyo ang mga tao na magbigay ng Php10,000 sa organisasyon kapalit ang panghabang-buhay na 30% monthly return o tinatawag na “love gift”.

Paalala ni PGen Eleazar, huwag agad pumasok sa mga investment scheme lalo na kung kaduda-duda ang mga inaalok nila.

“Maging mapanuri at maingat tayo sa ganitong klaseng mga investment scheme na nangangako ng napakalaking balik o kaya ay mag-aalok ng instant cash na walang kahirap-hirap. Kung kayo ay nabiktima man ng scam, ipagbigay-alam ninyo agad sa mga awtoridad upang aming maaksyunan,” wika ng hepe.

# 7,000 kilo ng Taklobo, nakumpiska sa Negros Occidental



**Nakumpiska ng PNP-Maritime Group na aabot sa 7,000 kilo ng Giant Clam o Taklobo sa Sipalay City, Negros Occidental noong Oktubre 26, 2021.**

Bandang 10:00 ng umaga nang makatanggap ng tawag mula sa isang concerned citizen ang mga awtoridad hinggil sa iligal na pangongolekta ng Taklobo.

Agad rumesponde ang 4th SOU kasama ang Sipalay City Police Station at Bantay Dagat ng Sipalay sa Sitio Ondol Pasil ng Barangay Cayhagan, Sipalay City. Doon ay nadatnan ng mga awtoridad ang higit-kumulang 7,000 kilo ng Taklobo na tinatayang nagkakahalaga ng Php490,000.

Ang Giant Clam o Taklobo ay itinuturing na 'endangered specie' sa bansa.

Agad inaresto ang suspek at dinala sa himpilan ng 4th SOU kasama ang mga nakumpiskang ebidensya para sa karagdagang dokumentasyon.

Kakasuhan ng paglabag sa RA 10654 ang nadakip na suspek.

# 2 lalaki, arestado sa pagdadala ng iligal na baril sa Cauayan City, Isabela




**Patuloy ang kapulisan sa maigting na operasyon laban sa kriminalidad at pagdadala ng hindi lisensyadong baril.**

Ito ay nagresulta sa pagkakaaresto sa dalawang (2) lalaki pagkatapos mahulihan ng iligal na baril sa Barangay Naganacan ng Cauayan City, Isabela noong ika-25 ng Oktubre, 2021.

Kinilala ang mga suspek na sina Cyrus Baligod, 43 anyos; at Virgilio Ramos, 44 anyos, pawang residente ng nabanggit na lugar.

Batay sa imbestigasyon ng Cauayan City Police Station, sa pamumuno ni PLtCol Sherwin F Cuntapay, Chief of Police, ang mga suspek umano'y nagpaputok ng baril sa naturang lugar na nagdulot ng komosyon at takot sa mga residente.

Nakumpiska kay Baligod ang tatlong (3) calibre .45, isang (1) rifle, iba't ibang magasin at mga bala. Samantala, narekober naman kay Ramos ang isang calibre .40 na may magasin at 13 na bala.

Ang nakumpiskang mga ebidensya ay nasa kustodiya ng Cauayan CPS para sa tamang disposisyon kasama ang mga suspek na haharap sa kasong Illegal Discharge of Firearm at paglabag sa RA 10591.

# Suspek sa kasong robbery, huli sa La Union

**Huli sa ikinasang joint operation ng mga tauhan ng Bangar Police Station, Conner MPS, Apayao PPO, RECU1, at LUPIURIU1 ang isang (1) suspek sa kasong robbery sa Bangar, La Union noong Oktubre 22, 2021.**


Ayon Kay PMaj Antonio M Dasalla Jr, OIC, Bangar PS, nakilala ang suspek na si Rollie Cayas Y Collado, 43 taong gulang, may kinakasama, stone picker ang hanapbuhay at nakatira sa Barangay Paratong Norte, Bangar, La Union.

Ang nasabing suspek ay nadakip sa bisa ng Warrant of Arrest na inisyu ni Hon. Judge Francisco S Donato ng 2nd Judicial Region Branch 26, Luna, Apayao noong 22 Hulyo 2015 sa kasong robbery at may rekomendadong piyansa na nagkakahalaga ng Php50,000.

Nasa kustodiya na ng Bangar Police Station ang suspek para sa tamang dokumentasyon at disposisyon.




# 2 Indibidwal, arestado sa Oriental Mindoro







**Nagsagawa ng buy-bust operation ang mga tauhan ng Puerto Galera Municipal Police Station, Regional Drug Enforcement Unit, Provincial Drug Enforcement Unit, Oriental Mindoro Police Provincial Office, Highway Patrol Group-MIMAROPA at Regional Maritime Unit-MIMAROPA na nagresulta sa pagkakaaresto kay Andrix Ramirez Aceveda, 44 taong gulang noong Oktubre 23, 2021.**

Si Aceveda ay kabilang sa Top 10 priority High Value Individual, Regional Level, ay inaresto sa Barangay Sto. Nino, Puerto Galera, Oriental Mindoro matapos makabili ang poseur-buyer ng isang (1) pirasong heat-sealed transparent plastic sachet na naglalaman ng puting crystalline substance na hinihinalang shabu kapalit ng Php1,000 bill na ginamit bilang marked money.

Nakumpiska mula sa kanya ang maliit na foil ng sigarilyo; 16 na heat-sealed transparent plastic sachet na naglalaman ng puting crystalline substance na hinihinalang shabu na may tinatayang timbang na humigit kumulang na 2.65 gramo na nagkakahalaga ng Php18,020.

Nasa kustodiya na ngayon ng Puerto Galera MPS ang nasabing suspek para sa kaukulang dokumentasyon at disposisyon.

Samantala, naaresto rin ng Calintaan Municipal Police Station ang rank number 5 Most Wanted Person, Municipal Level ng Calintaan, Occidental Mindoro na kinilalang si Robert Mike De Guzman Rafael, 24 taong gulang, binata, construction worker at residente ng Sitio Madayangdang, Barangay Poypoy, Calintaan, Occidental Mindoro.

Si Rafael ay naaresto sa bisa ng Warrant of Arrest na inisyu ni Hon. Judge Ulysses D Delgado ng RTC Branch 46, San Jose, Occidental Mindoro sa kasong Robbery, naka-docket sa ilalim ng CC No. R-10920, na may inirekomendang piyansa na nagkakahalaga ng Php72,000.

Ang mga suspek ay nasa kustodiya na ngayon ng istasyon ng pulis nakahuli para sa kaukulang dokumentasyon at disposisyon.

# 2 pulis, sugatan sa engkwentro vs teroristang NPA sa Iloilo



**Pinapurihan ni Police Regional Office 6 Director, Police Brigadier General Rolando F. Miranda ang katapangan na ipinamalas ng mga tauhan ng 1st Iloilo Provincial Mobile Force Company (PMFC) matapos maka-engkwentro ang pwersa ng mga rebeldeng New People's Army sa Tubungan, Iloilo.**

Nangyari ang sagupaan noong Oktubre 24, 2021 bandang 2:45 ng hapon.

Batay sa report, umaga nang paputukan ng hinihinalang mga miyembro ng Communist Party of the Philippines-New People's Army Terrorist (CNT) ang patrol base ng 1st Iloilo PMFC sa Barangay Mayang, Tubungan. Dahil dito, nagsagawa ng operasyon ang pulisya upang matukoy ang pinanggalingan ng putok.

Habang ginagalugad ang lugar, naka-engkwentro nila ang pwersa ng CNT na nagpasabog pa ng dalawang (2) Improvised Explosive Device.

Tumagal ng pitong (7) minuto ang palitan ng putok. Pagkatapos ay umatras ang mga rebeldeng terorista at tumakas sa hindi matukoy na direksyon.

Sugatan sina Patrolman Jessie Castamado at Police Corporal Genel Simpas na agad dinala sa Rep. Pedro G. Trono Memorial District Hospital sa Guimbal, Iloilo.

"The atrocities of the CNTs show that they are upset about the PNP's presence in Barangay Mayang, Tubungan, Iloilo. They do not want a peaceful and progressive community. Their fraudulent actions show that they are weakening and are only desperate to project that they remain strong and capable force, when in fact they are not," pahayag ni PBGen Miranda.

Hinimok ni Miranda ang CNTs na huwag magdulot ng gulo at takot sa komunidad. Sa halip ay sumuko upang matulungang magbagong-buhay sa pamamagitan ng Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP) ng pamahalaan.

## Kasapi ng NPA, sumurender sa Surigao del Sur

**Limang (5) kasapi ng New People's Army (NPA) ang sumuko at nagbalik-loob sa pamahalaan noong Oktubre 29, 2021 sa Surigao del Sur.**

Sumurender sa Surigao del Sur Provincial Mobile Force Company sina alyas "Ringo", 30 anyos, Squad Leader; alyas "Ryan", 31 anyos, Commanding Officer; alyas "Joval", 30 anyos, Vice Team Leader; alyas "Benjie/Abra", 28 anyos, Vice Squad Leader; at alyas "Joaquin", 22 anyos.

Ang mga sumuko ay pawang mga residente ng Marihatag, Surigao del Sur at mga miyembro ng Guerilla Front Committee 19B, North Eastern Mindanao Regional Committee, Militia ng Bayan.

Kasamang isinumite ng lima (5) ang kanilang armas kabilang dito ang tatlong (3) caliber .38 revolver; isang (1) caliber .357 revolver at mga bala.

Makakatanggap ang mga sumukong rebelde ng kaukulang tulong sa ilalim ng Enhanced Comprehensive Local Integration Program ng pamahalaan.

## 7 miyembro ng Abu Sayyaf, sumuko sa Sulu



**Inaasahan ng Police Regional Office Bangsamoro Autonomous Region (PRO BAR) ang pagsuko ng iba pang kasapi ng Abu Sayyaf Group (ASG) matapos sumuko ang pito (7) na dating miyembro nito noong Oktubre 26, 2021 sa Talipao, Sulu.**


Matapos ang mga negosasyon na isinagawa ng pulisya at militar, katuwang ang Municipal Task Force ELAC, nagpasyang sumuko ang mga dating miyembro ng ASG.

Anila, napagtanto nila na walang magandang maidudulot ang maling ideolohiya na kanilang ipinaglalaban. Nakita nila ang dati nilang mga kasamahan na sumuko at ngayon ay namumuhay na ng mapayapa kung kaya't naudyok silang sumuko rin.

Nagpahayag naman ng pasasalamat si PBGen Eden Ugale, Regional Director ng PRO BAR, sa kooperasyon ng lokal na pamahalaan ng Sulu sa patuloy na laban kontra terorismo. Gayundin ang tulong na ibinigay sa mga sumusukong kasapi ng Abu Sayyaf Group.

Hinimok din ng Heneral ang iba pang miyembro ng ASG na magbalik-loob sa pamahalaan at magbagong-buhay.

## Private Armed Group, 5 miyembro ng BIFF, sumuko sa Maguindanao



**Bilang bahagi ng paghahanda upang masiguro ang ligtas at payapang halalan 2022, naging matagumpay ang pagsisikap ng Police Regional Office Bangsamoro Autonomous Region (PRO BAR) sa pagsuko ng isang Potential Private Armed Group (PPAG) sa Datu Salibo, Maguindanao.**

Ang ABC Group ay isang DI Listed active PPAG na pinamumunuan ni Abdulwaris Guinomla Zailon at dalawa (2) nitong miyembro na sina Rahib Paguilidan Salim, 34 anyos, residente Shariff Saydona, Mustapha; at isang alyas "Combo".

Kabilang sa kanilang isinuko ay ang isang (1) calibre .45 pistol; isang (1) calibre .38 revolver; isang (1) homemade pistol revolver; at mga bala.

Samantala, nagbalik-loob din ang limang (5) miyembro ng Bangsamoro Islamic Freedom Fighter (BIFF) na sina alyas "Rambo", alyas "Mistah", alyas "Yobi", alyas "Binladen", at Mohiden Animbang alyas "Karialan".

Kasamang isinuko ang kanilang armas na dalawang (2) M79 grenade launcher; isang (1) M79 GL na may tatlong(3) bala; isang (1) RPG na may isang (1) bala; at isang (1) IED na may 81mm mortar.

Anila, naging dahilan ng kanilang pagsuko ang walang patutunguhang pakikipaglaban sa pwersa ng pamahalaan.

Ayong kay PRO BAR Regional Director, PBGen Eden Ugale, ang pagsuko ng nasabing mga miyembro ng BIFF ay resulta ng collaborative effort ng ibat ibang yunit ng PNP, AFP at lokal na pamahalaan ng Datu Salibo.

Personal namang iniabot ni Datu Salibo Vice Mayor Herodin Guiamano ang cash assistance at relief goods sa mga mga dating rebelde kasabay ng panawagan sa kanila na ipagpatuloy nila ang kanilang mga pagbabagong buhay.

Ipapasok ang mga sumuko sa AGILA-HAVEN ng Provincial Government ng Maguindanao upang matulungan sila para sa tuloy-tuloy na pagbabagong-buhay.

# P20.6-M marijuana sa Cebu, nadiskubre, sinira


*Photo Courtesy: PDEA Regional Office VII*

**Pinapurihan ni Philippine National Police (PNP) Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar ang matagumpay na anti-illegal drugs operation sa Cebu kung saan sinira ang P20.6-milyon halaga ng marijuana.**

Nadiskubre ng mga tauhan ng PNP, Armed Forces of the Philippines at Philippine Drug Enforcement Agency ang tatlong (3) plantasyon ng marijuana sa bayan ng Balamban at Toledo City sa Cebu.


"I commend all the law enforcement personnel who were involved in this operation. Dahil sa patuloy na pagtutulungan ng PNP at ng PDEA, nagiging matagumpay ang ating mga operasyon laban sa iligal na droga. Makakaasa ang publiko na magpapatuloy ang dalawang ahensya sa pagsupil sa iligal na droga," wika ni PGen Eleazar.

Ayon sa awtoridad, nakatakas ang tagapamahala ng plantasyon sa Balamban na si Rodrigo Cabilles, gayundin sina Ernie Lagaza at Enyoy Zabate na mga tagapamahala naman ng plantasyon sa Toledo City.

Nahaharap ang tatlong (3) suspek sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Kasalukuyan ang manhunt operation ng PNP at PDEA upang madakip ang mga suspek. Iniimbestigahan din ang kanilang background upang malaman kung may iba pa silang kasabwat at kung saan dinadala ang mga marijuana.

# Php6.9-M halaga ng droga, nasamsam sa 2-araw na all-out war sa CamSur





**Mahigit isang (1) kilo ng hinihinalang shabu ang nakumpiska sa anti-illegal drug operations ng PNP Bicol katuwang ang Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) sa Pili, Camarines Sur noong Oktubre 16, 2021.**

Bandang ala-una ng madaling araw nang isinagawa ang operasyon sa Barangay Palestina laban sa suspek na si Alvin Baldoza, residente ng Bato, Camarines Sur at dating sumuko sa kasagsagan ng Oplan Tokhang.

Nakabili mula sa suspek ng 100 gramo ng shabu sa halagang Php300,000 ang pulis na nagpanggap bilang poseur-buyer.

Habang papalapit ang mga pulis para arestuhin si Baldoza, dali-dali nitong binunot ang kanyang calibre .45 pistol at pinaputukan ang poseur-buyer na masuwerte namang hindi tinamaan.

Pinakiusapan ng mga kapulisan ang suspek na sumuko ngunit nagmatigas ito at muling pinaputukan ang mga operatiba. Napilitang gumanti ng putok ang mga kapulisan na naging sanhi ng pagkamatay ng suspek.

Sa ginawang body frisk, nakuha rin kay Baldoza ang 900 gramo ng droga. Sa kabuuan, umabot sa isang (1) kilong "shabu" ang nakuha mula dito na may Standard Drug Price na Php6.8-milyong piso.

Ayon sa imbestigasyon ng PNP, si Baldoza ay kilalang bodegero at supplier ng droga sa Camarines Sur. Ang supply nito ay nagmumula pa sa New Bilibid Prison (NBP).

Samantala, dalawa (2) pang notorious drug dealer ang nahuli ng PNP Bicol noong Oktubre 15, 2021.

Arestado si Redentor Agna, 38 anyos, residente ng Libmanan, Camarines Sur matapos magpositibo ang Search Warrant na inihain ng Camarines Sur PPO. Narekober mula sa suspek ang walong (8) sachet ng shabu na nagkakahalaga ng Php8,000.

Sa bisa ng Warrant of Arrest, dinakip rin ang kapitan ng barangay at tinaguriang No. 3 Municipal Drug Watchlist na si Chiz Navea. Nakuha mula mismo sa kanyang tirahan ang higit-kumulang 25 gramo ng shabu na may tinatayang halaga na Php170,000.

Aabot sa Php6,978,000 ang halaga ng nakumpiskang droga ng PNP Bicol at PDEA ROV.

# Delivery driver, timbog sa P3.4-M shabu drug stingt



**Arestado ang isang suspek at nasabat ang Php3.4 milyong halaga ng hinihinalang shabu sa buy-bust operation laban sa iligal na droga na isinagawa ng pinagsanib pwersa ng PDEA at Caloocan City Police Station noong Oktubre 23, 2021.**

Sa inisyal na ulat ay napag-alamang inaresto ang suspek sa pinagsanib na operatiba ng PDEA Nueva Ecija Provincial Office, PDEA Bataan Provincial Office, PDEA RO-III RSET na pinangunahan ni AI 5 Christopher Macairap; Bagong Bario Sub-Station 5 sa pangununa ni PLt Julius J. Villafuerte at PMaj Deo Cabildo, SDEU, Caloocan sa superbisyon ni PCol Samuel V. Mina, Chief of Police, sa harap ng Fast-Food store sa cor Loreto St., Brgy 84, Caloocan City.

Ang inarestong suspek ay kinilalang si Arturo Del Cruz Jr. Y Dungo, 38 taong gulang, delivery driver, tubong GMA Cavite at residente ng #177 Gov. Pascual St., Sipac, Navotas City.

Nakumpiska mula sa kanya ang mol 500 gramo ng Methamphetamine Hydrochloride (shabu) na may standard DDV na Php3.4 million pesos at Php1000 bill na ginamit bilang buy-bust money.

Si Del Cruz at ang mga nakuhang ebidensya ay dinala sa opisina ng PDEA III para sa nararapat na kaso at wastong disposisyon. *(NCRPO-PIO / Isinalin sa Tagalog ni NUP Loreto B. Concepcion)*

# 2 suspek sa gunrunning at iligal na droga, arestado

**Arestado sa buy-bust operation ang dalawang (2) suspek na sangkot sa gunrunning activities sa Bel-Air, Makati City noong Oktubre 23, 2021.**

Kinilala ang mga suspek na sina Huang Sia (Jason Lee), isang Chinese national; at Raffy Ballera, alyas "Ivan".

Matagal nang minamanmanan ng mga operatiba ang mga suspek dahil sa iligal na pagbebenta ng mga baril.

Nakatanggap ng impormasyon ang Northern Police District na ang dalawa ay may gagawing transaksyon sa Makati City kung kaya't nakipagtulungan sila sa Makati City Police Station upang magkasa ng buy-bust operation laban sa mga suspek na nagresulta sa kanilang pagkakadakip.

Nakuha mula kay Ballera at Huang Sia ang apat (4) na baril na nagkakahalaga ng Php400,000; sigarilyo na naglalaman ng Php5,000 halaga ng hinihinalang cocaine; at shabu na may presyong Php20,400.

Nahaharap ang mga suspek sa kasong paglabag sa Republic Act 10591 o Comprehensive Law on Firearms and Ammunition; at Republic Act 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE
PULIS SERBIS
BALITA
#PNPKAKAMPIMO
Volume V No. 43 * Oktubre 23 - 29, 2021 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# PNP at NARIAG Inc., lumagda ng kasunduan





**Patuloy ang mga programa ng Philippine National Police (PNP), sa pamamagitan ng Police Community Affairs and Development Group (PCADG), upang mas mapaigting pa ang matatag na ugnayan ng mamamayan at pulisya sa pagpapanatili ng payapa at maunlad na bansa.**

Noong ika-27 ng Oktubre, 2021, nilagdan ang isang Memorandum of Agreement sa pagitan ng PNP at Anti-Narcotics International Assistance Group, Inc. (NARIAG) sa Kampo Crame.

Napagkasunduan ng dalawang partido na magtulungan at magkaisa para sa mga isinasagawang police-community relations programs ng Pambansang Pulisya.

Sa isang simpleng seremonya, pinangunahan ni Police Brigadier General Eric E. Noble, ang Director ng PNP-PCADG, ang paglagda sa MOA kasama ang Presidente ng NARIAG Inc. na si Olga A. Mabborang.

Ang NARIAG Inc. ay kabilang sa mga Non-Governmental Organization (NGO) na accredited ng PNP.

"Layunin ng kasunduan na palaguin pa ang matatag na ugnayan at pagtutulungan ng PNP at ng komunidad upang labanan ang iligal na droga, krimen, terorismo at korapsyon. Mahalaga ang papel na ginagampanan ng ating mga NGOs. Sa tulong nila, mas napapalawig at mas epektibong naipapatupad ang mga programa ng PNP, lalo sa mga kababayan natin na nasa laylayan," paliwanag ni PBGen Noble.

# Buntis, nanganak sa PNP patrol car


*Photo Courtesy: GovGenMPS*

**Habang nagpapatrolya ang mga tauhan ng Governor Generoso Municipal Police Station sa pamumuno ni PCpt Ramil F Rivera, isang tao ang humingi ng tulong sa kanila upang maihatid sa ospital ang isang buntis na malapit nang manganak na si Ginang Maricel G. Gonzaga, 33 taong gulang na residente ng Purok 8, Brgy. Nangan, Governor Generoso, Davao Oriental, gabi ng Sabado, Oktubre 23, 2021.**

Kaagad isinakay nina PCpl Mark Jun L Tan at PCpl Andro E Kilat sa kanilang patrol car si G. Maricel ngunit habang tinutulungang makasakay ito ay tuluyan na itong napaanak at isinilang ang isang sanggol na babae. Matapos nito ay agad din nila itong isinugod sa Davao Oriental Provincial Hospital-Governor Generoso para matingnan ng maayos ang nanay at ang sanggol nito.

Ang batang babaeng sanggol ay pinangalanang Kai Angeline Gonzaga na ngayon ay napakalusog at naiuwi na sa kanila sa Purok 4, African Daisy, Brgy. Tiban 2, Governor Generoso, Davao Oriental.

Malaki ang naging pasasalamat ni G. Maricel at ng pamilya nito kina PCpl Tan at PCpl Kilat sa agarang pagtulong at pagdala sa kanya at ng kanyang anak sa ospital at sila ay naging ligtas.

Salamat sa inyong masigasig na pagpapatrolya at sa inyong walang alinlangang pagtulong sa lubos na nangangailangan lalo na sa katulad na sitwasyon kung saan kinakailangan ang mabilis na aksyon.

Kudos GovGen MPS, tunay talaga na maaasahan ang kapulisan!

# Handog-pabahay ng Police Regional Office 2



**Isang pamilya sa bayan ng Diadi sa Nueva Vizcaya ang nakatanggap ng bagong tahanan mula Lingkod Bayanihan Pabahay Project ng Police Regional Office 2.**

Personal na inabot ni PRO2 Regional Director Police Brigadier General Steve Ludan ang susi ng naturang bahay kay Mang Domingo Acoba kasama ang kanyang pamilya.

Bukod sa bagong tirahan, nakatanggap din ang pamilya Acoba ng bigas, groceries, kitchen utensils at beddings.

Samantala sa parehong lugar, nagsagawa rin BARANGAYanihan ang mga kapulisan katuwang ang iba't ibang stakeholder kung saan nakatanggap ng libreng gupit, medical at dental check-up, mga gamot at bitamina, feeding program, at food packs ang mga residente sa lugar.

Ang PNP BARANGAYanihan ay isang programa ng Pambansang Pulisya na naglalayong magbigay-tulong at ayuda sa ating mga kababayan na hikahos lalo na ngayong panahon ng pandemya.

